5. Kung ikaw si Tsina, paano mo ipakikita ang pasasalamat sa iyong nanay?

   ______________________



## Pormatibong Pagtataya

**I. Panuto:** Bilugan ang salitang may kambal-katinig na angkop sa larawan.

1.  (dyaryo, dyaket, dyip)
2.  (dyaryo, tsinelas, tsuper)
3.  (tsokolate, tsiko, tsuper)
4.  (dyaket, plantsa, tsiko)
5.  (tsiko, tsuper, tsinelas)

**II. Panuto:** Magtala ng mga salitang may kambal-katinig sa bawat kolum.

| kambal- katinig (ts) | kambal-katinig (dy) |
|---|---|
| Halimbawa: **tsaa** | |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

**III. Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita sa pangungusap. Isulat sa patlang ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| dyaryo | dyaket | tsokolate |
| tsiko | dyip | tsuper |

1. Mabilis magpatakbo ng sasakyan ang <u>tsuper.</u>
2. Nagbabasa ang tatay ko ng ______________ tuwing umaga.
3. Namitas ako ng ____________sa aming bakuran.
4. Nagpadala ng maraming ______________ ang tita kong nasa ibang bansa.
5. Bago ang suot niyang ___________________.


# Unit IV
## Letters in Filipino that are from Other Languages



Aralin 10

# Letrang Cc

## Pangunahing Simbolo



cactus

| cac | tus |
|---|---|

Maraming tanim na cactus sina Carol at Carlo sa kanilang bakuran.

## Pagbabasa at Pakikinig

**I. Panuto:** Tingnan ang sumusunod na mga salita o pangalan sa talahanayan. Pakinggang mabuti kung paano bibigkasin ng guro ang bawat salita at pagkatapos ay ulitin ang pagbasa nito.

| | | |
|---|---|---|
| Celso | Corina | center |
| Cebu | Calamba | Carol |
| Carla | camera | canton |
| Pacita | Cedric | computer |
| camaron | cola | Cesar |
| Corina | cabinet | camel |
| Carlo | Cotabato | Celeste |
| Bacoor | Cabading | Bacolod |
| Bulacan | Cagayan | Tacloban |


**II. Panuto:** Basahing muli ang mga salitang nasa tsart at tukuyin ang tunog ng letrang **Cc** kung /***k***/ o /***s***/***.*** Isulat ang mga salita sa tamang hanay.

| **Tunog /k/** | **Tunog /s/** |
|---|---|
| 1. Calamba | 1. Celso |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |




## Pagbuo ng Talasalitaan


**Panuto:** Tukuyin at basahin ang ngalan ng mga larawan na nasa ibaba.





calculator




computer




camel



carrot






camera



## Pagpapalawak ng Talasalitaan

**Panuto:** Ibigay ang ngalan ng sumusunod na mga larawan na makukuha sa loob ng "Magic Box" tulad ng:











## Palarawang Salita

**Panuto:** Bilugan ang tamang salita para sa larawan.

1. 
camera
camel
cactus

2. 
carrot
camel
camera

3. 
carrot
coral
computer

4. 
calculator
cactus
carrot



## Big Box

**Panuto:** Bumuo ng limang (5) salita gamit ang mga pantig na nasa loob ng Big Box. Isulat ang sagot sa mga linyang nasa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ba | ce | cu | lod |
| la | cen | car | tor |
| cal | lo | ma | ca |
| bu | co | ron | ter |

1.______________________________

2.______________________________

3.______________________________

4.______________________________

5.______________________________



## Pagbaybay

**Panuto:** Isulat ang tamang baybay ng sumusunod na salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| 1. Calamba | 6. Carlo |
| 2. Celso | 7. Camel |
| 3. camera | 8. cactus |
| 4. Cebu | 9. center |
| 5. Corina | 10. Coral |



## Pagtatasa ng Pagkatuto

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| cactus | camera | pancit canton |
| Calamba | camel | Carlo |

1. Paboritong pagkain ni Celeste ang <u>pancit canton</u>.

2. Si Jose Rizal ay isinilang sa bayan ng _________.

3. Karaniwang hayop na makikita sa disyerto ay ______________.

4. Ang ____________ ay mga halamang maraming tinik.

5. Si _____________ ay mahilig maglaro ng chess.



## Pagsusulat

**Panuto:** Sipiin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa iyong kuwaderno sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Cebu ______ *Cebu* ______

2. Celeste ____________________

3. camera ____________________

4. Carlo ______________________

5. cola ______________________

6. coral ______________________

7. Corina ______________________

8. calculator ______________________

9. center ______________________

10. Calamba ______________________

## Pag-unawa sa Binasa

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

### Ang Batang si Carol

Si Carol ay isang batang mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Calamba. Siya ay nasa ikaanim na baitang na. Madalas niyang kasabay sa kaniyang pagpasok ang kaniyang mga kaibigan na sina Carla at Caren. Mahilig silang kumain ng pancit canton at cookies sa oras ng

recess.

Mahusay sa klase si Carol kaya palagi siyang naisasali ng kanyang mga guro sa iba't ibang paligsahan. Dahil sa kaniyang kasipagang taglay sa pag-aaral at pagiging mabuting anak, niregaluhan siya ng kaniyang mga magulang na sina Tatay Celso at Nanay Corina ng computer upang hindi na siya mahirapan sa paggawa ng kaniyang mga takdang-aralin.

Mga Tanong:

1. Saan nag-aaral si Carol?

    ______________________________________

2. Sino ang kaniyang mga magulang?

    ______________________________________

3. Sino-sino ang kaniyang kaibigan?

    ______________________________________

4. Ano ang hilig nilang kainin sa oras ng recess?

    ________________________________________

5. Ano ang iniregalo kay Carol ng kaniyang mga magulang?

_______________________________________

6. Bakit siya niregaluhan ng kaniyang mga magulang?

_______________________________________

7. Anong katangian ang nais mong gayahin kay Carol?

_______________________________________



## Pormatibong Pagtataya

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga pagsasanay.

### Pagsasanay 1

Basahin nang tahimik ang mga salita. Isulat ang titik **K** kung ang tunog ng letrang **C** sa salitang binasa ay **/k/** at titik **S** kung ang tunog naman ng letrang **C** ay **/s/**.

| | | |
|---|---|---|
| __S__ 1. Cebu | _____2. Caren | _____3. cactus |
| _____4. pancit | _______5. computer | |

## Pagsasanay 2

Buoin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita mula sa kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| **A.** computer | **B.** camera | **C.** Cebu |
| **D.** Celso | **E.** center | **F.** calculator |

F 1. Nagpabili si Carina ng __________ para magamit niya sa pagsasagot ng mga pagsasanay sa Matematika.

___2. Sa darating na bakasyon ay pupunta kami sa _______ upang bisitahin sina Tiya Mameng.

___3. Dinala ni Nanay si bunso sa health __________ para mapabakunahan.

___4. Madaling nagawa ni ate ang pagdidisenyo ng kaniyang proyekto gamit ang ___________.

___5. Saan mang lugar pumunta si Kardo, dala-dala niya ang kaniyang _____________ upang kunan ng litrato ang magagandang tanawin.

## Pagsasanay 3

Baybayin nang wasto sa iyong papel ang salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

1. Camel
2. cactus
3. camera
4. computer
5. Cebu

| Aralin 11 | Letrang Jj |
|---|---|

## Pangunahing Simbolo



**Jacket**

| Jack | et |
|---|---|

Isinuot ni Jose ang kanyang bagong jacket pagpasok sa paaralan.

## Pagbabasa at Pakikinig

**I. Panuto:** Pakinggan munang mabuti ang guro kung paano babasahin ang sumusunod na mga salita at pagkatapos ay ulitin ang pagbasa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| jet | jam | jelly | jar |
| Jen | Jim | Jed | Jojo |
| Juan | Jena | Jose | Juana |
| Jamil | Janet | Jomar | Juliana |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Jolo | Japan | Jacinto | Jalajala |
| Mejares | Monje | Jasper | Jack |
| Jordan | Jonas | Judas | Judio |
| Jill | Jack | Jordan | Julito |

**II. Panuto:** Basahing muli ang mga salita at isulat ito sa tamang hanay base sa tunog ng letrang **Jj.**

| **Tunog /dy/** | **Tunog /h/** |
|---|---|
| **jet** | **Jose** |
| 1. | 6. |
| 2. | 7. |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. |
| 5. | 10. |




## Pagbuo ng talasalitaan


**Panuto:** Tukuyin at basahin ang ngalan ng mga larawan na nasa ibaba. Alamin ang kahulugan nito sa pamamagitan ng mga pahiwatig sa pangungusap.




Strawberry jam ang paboritong palaman sa tinapay ni Jewel.



Maraming jet ang pinalipad sa pagsasapelikula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Bumili kami ng jar sa palengke na paglalagyan ng kape at asukal.



Mainam magsuot ng pajama sa pagtulog.




Ang judo ay isang uri ng laro na nangangailangan ng lakas at liksi ng katawan.

## Pagpapalawak ng Talasalitaan


**I. Panuto:** Magbigay ng tatlong (3) ngalan ng tao at lugar na nagsisimula sa letrang **Jj**. Isulat ang sagot sa bawat kahon.

| Tao | Lugar |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

**II. Panuto:** Ibigay ang ngalan ng sumusunod na mga larawan gumagamit ng letrang Jj.




1.______________




2.______________



3.____________



4.______________



5.______________




## Palarawang Salita


**Panuto:** Idugtong ang tamang ngalan ng larawan gamit ang linya.




jar
judo
jam




jam
judo
jar



jet
Japan
jar



pantalon
pajama
palayok



jar
Jim
jelly



## Big Box

**Panuto:** Bumuo ng limang (5) salitang may letrang **Jj** gamit ang mga pantig na nasa loob ng Big Box. Isulat ang sagot sa mga linyang nasa kanan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ja | Je | Jo | ba | pan |
| per | Jor | Ju | sus | an |
| sa | ro | jit | pa | mi |
| Jas | dan | ma | ti | si |

1. ______________________ 4. ______________________

2. ______________________ 5. ______________________

3. ______________________

## Pagbaybay

**Panuto:** Isulat ang tamang baybay ng sumusunod na mga salita sa paraang kabit-kabit o pa-cursive sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| 1. jam | 6. Jose |
| 2. Jen | 7. Jesus |
| 3. jar | 8. Julian |
| 4. Jim | 9. Jolo |
| 5. jet | 10. Jamil |

## Pagtatasa ng Pagkatuto

### PANGKATANG GAWAIN




**Pangkat 1:** Bigkasin Mo! Uulitin Ko!

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga salita nang may tamang bigkas.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Japan | Jordan | Jack | jet | jelly |
| Jose | Jolob | jam | Jill | jar |

## Pangkat 2: Pagtambalin Mo!

**Panuto:** Basahin ang mga salita sa **Hanay A.** Hanapin ang larawan nito sa **Hanay B.** Pag-ugnayin gamit ang linya


| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| pajama • | •  |
| jet • | •  |
| jam • | •  |
| jar • | •  |
| judo • | •  |

**Pangkat 3: Isulat Mo! Kukulayan Ko!**

**Panuto:** Tingnan ang larawan. Isulat sa patlang ang pangalan nito at pagkatapos ay kulayan.




1. <u>jam</u>



2. ______



3. _______



4. ________



5. ________

**Pangkat 4: Hulaan Mo**

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Isulat nang may tamang baybay ang salitang inilalarawan.

<u>pajama</u> 1. Isa akong uri ng kasuotang pang-ibaba na madalas isuot kapag matutulog na. Ano ako?

________ 2. Masarap akong ipalaman sa tinapay na ang kalimitang lasa ay matamis. Ano ako?

________ 3. Kilala akong Pambansang Bayani ng Pilipinas. Ako ang sumulat ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Sino ako?

## Pagsusulat

**Panuto:** Sipiin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Jesusa *Jesusa*
2. jet
3. Jim
4. Jack
5. jar
6. Jose
7. jam
8. Jolo

9. Jill ______________________

10. Juan ______________________



## Pag-unawa sa Binasa

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

### Ang Paboritong Jacket ni Jose

Paboritong isuot ni Jose ang jacket na bigay sa kaniya ng kaniyang Ninong Jim noong nakaraang Pasko. Ito ay kulay asul at may tatak pang malaking titik J sa harapan.

Lagi niya itong ipinagmamalaki sa kaniyang mga kaibigan na sina Jamil at Juan. Isinusuot niya ito kapag malamig ang panahon at maulan tuwing siya ay papasok sa paaralan.

Mga Tanong:

1. Ano ang paboritong isuot ni Jose kapag malamig at maulan ang panahon?

______________________

2. Sino ang nagregalo nito sa kaniya?

______________________

3. Ilarawan mo nga ang jacket ni Jose?

_______________________________________

4. Kanino niya ito lagi ipinagmamalaki?

_______________________________________
_______________________________________

5. Bakit kailangan tayong magsuot ng jacket kapag malamig at maulan ang panahon?

_______________________________________
_______________________________________
_______________________________________





## Pormatibong Pagtataya

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga pagsasanay.

### Pagsasanay 1

Lagyan ng tsek *(/)* ang mga larawan kung ang tunog ng letrang Jj sa salitang ito ay */dyey/* at ekis *(x)* naman kung ang tunog ay */h/.*

__/__1. 
____2. 
____3. 

____4. 
____5. 

## Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang tamang pagkakasulat ng malaki at maliit na letrang Jj sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. Jg | B. Jj | C. JD | D. Gj |

2. Ano ang tunog ng letrang J sa salitang <u>jeep</u>?

| | | | |
|---|---|---|---|
| A./h/ | B. /t/ | C./dyey/ | D./g/ |

3. Aling salita ang nagsisimula sa tunog na **/dyey/**?

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. Juana | B. Jesus | C. Jose | D. Juan |

4. Aling pangkat ng mga salita ang nag-uumpisa sa tunog na **/h/**?

| | |
|---|---|
| A. jam, jet, Jill | C. Jolo, Jose, Juana |
| B. Judo, Jose, jar | D. jeep, jacket, Joy |

5. Aling pangkat ng mga salita ang nag-uumpisa sa tunog na **/dyey/**?

| | |
|---|---|
| A. jacket, jam, jet | C. judo, jet, pajama |
| B. jeep, Juan, Jolo | D. Juan, Joy, jelly |

## Pagsasanay 3


**Panuto:** Baybayin nang wasto sa iyong papel ang salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | | |
|---|---|---|
| 1. jam | 2. judo | 3. jelly |
| 4. jet | 5. pajama | |

## Aralin 12 Letrang Vv



### Pangunahing Simbolo



vinta

| vin | ta |
|---|---|

Sina <u>Vina</u> at <u>Victor</u> ay sumakay ng <u>vinta</u>.

## Pagbabasa at Pakikinig

**Panuto:** Pakinggan munang mabuti ang guro kung paano babasahin ang sumusunod na mga salita at pagkatapos ay ulitin ang pagbasa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| van | video | villa | Val |
| Vida | Vito | visa | Eva |
| Von | Vina | Vega | Venus |
| Vilma | Varden | Vidal | Victor |
| Ventura | Vicente | Valdemar | Valentino |
| via | Valentina | Vigan | Vatican |
| Vietnam | Cavite | Davao | Nueva Ecija |


## Pagbuo ng talasalitaan

**Panuto:** Tukuyin at basahin ang ngalan ng mga larawang nasa ibaba. Alamin ang kahulugan sa pamamagitan ng pahiwatig sa mga pangungusap.



Vigan


(Sa Ilocos Sur ito ay sikat. Ito ay lungsod na kilala sa makasaysayang bahay at gusali na may pinaghalong impluwensiya ng Asyano at Europeo.)




**villa**

(Isa itong magara at malaking bahay.)

**van**



(Malimit itong gamitin sa pagbibiyahe lalo na kung sasalubong kay Tatay mula sa Dubai. Kalimitang tatak nito ay Isuzu, Toyota at Nissan.)




**videoke**

(Kapag piyesta sa aming baryo, bukod sa masarap na handa, may kantahan at sayawan gamit ito.)



**Valentina**

(Ipinanganak ako sa buwan ng Pebrero, Araw ng mga Puso, kaya ito ang ibinigay na pangalan sa akin ni Nanay.)






## Pagpapalawak ng Talasalitaan

**I. Panuto:** Magbigay ng ngalan ng tao, bagay at lugar na gumagamit ng letrang Vv. Isulat ang tamang baybay nito sa pisara.

| tao | bagay | lugar |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. |

**II. Panuto:** Ibigay ang ngalan ng sumusunod na mga larawan na nagsisimula sa letrang Vv.








1.________ 2.__________ 3._________ 4._________




## Palarawang Salita


**Panuto:** Bilugan ang tamang ngalan ng nasa larawan.

1. 
vidal
villa
vinta

2. 
vinta
villa
violin

3. 
van
vinta
villa

4. 
Vicente
Vigan
Victor

5. 
vinta
violin
villa




## Big Box

**Panuto:** Bumuo ng limang salita gamit ang mga pantig na nasa loob ng Big Box na may tunog na /v/. Isulat ang sagot sa mga linyang nasa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| va | len | sa | gan | dez |
| ma | Val | can | ya | ma |
| Vi | Vic | Vil | ti | ta |
| vin | Va | tor | na | na |



## Pagbaybay

**Panuto:** Isulat ang tamang baybay ng sumusunod na mga salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | |
|---|---|
| 1. vinta | 6. Vigan |
| 2. van | 7.Vidal |
| 3. Valentino | 8.Vina |
| 4.Venus | 9. Cavite |
| 5.Vilma | 10. Victor |



## Pagtatasa ng Pagkatuto

### PANGKATANG GAWAIN


**Pangkat 1: Basahin Mo!**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga salita nang may tamang bigkas.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| van | Venus | Valentina | Vina | vinta |
| Cavite | Vigan | Von | video | Val |





**Pangkat 2: Isulat Mo!**

**Panuto:** Sumulat ng mga salitang nagsisimula sa letrang **Vv** sa graphic organizer.




**Pangkat 3: Pagtambalin Mo!**

**Panuto:** Basahin ang mga salita sa **Hanay A.**
Hanapin ang larawan nito sa **Hanay B.**
Pagdugtungin gamit ang linya.


| <u>Hanay A</u> | <u>Hanay B</u> |
|---|---|
| 1. vinta |  |
| 2. van |  |
| 3. Vigan |  |
| 4. violin |  |
| 5. villa |  |


Pangkat 4: Pangalanan Mo!

**Panuto:** Tingnan ang larawan. Isulat sa patlang ang pangalan nito.

volleyball 1. 

____________2. 

_________ 3. 


____________4. 

__________5. 



## Pagsusulat

**Panuto:** Sipiin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Vilma 


2. Vigan

3. vinta

4.Cavite

5. Victor

6. Vida

7. Vega

8. Venus

9. Violin

10. van



## Pag-unawa sa Binasa

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

## Ang Muling Pagsasama-sama ng Pamilya Valdemor

Araw ng Sabado, maagang ginising nina Tatay Victor at Nanay Vilma ang kanilang mga anak na sina Venus, Vina, at Vito. Pupunta sila sa Nueva Ecija upang dumalo sa muling pagsasama-sama ng Pamilya Valdemor.

Habang nakasakay ng van, hindi mapigil ng magkakapatid ang paghanga sa magagandang tanawin na kanilang nakikita sa lalawigan ng Nueva Ecija tulad ng mga bundok, dagat, at malalawak na taniman.

Masaya silang sinalubong ng kanilang mga kamag-anak sa kanilang pagdating. Sa kanilang muling pagsasama-sama, nagkaroon sila ng pagkakataon na magkakila-kilala, magkuwentuhan, magkainan, magsayawan, at maglaro.

**Mga Tanong:**

1. Sino-sino ang anak nina Tatay Victor at Nanay Vilma?

_______________________________________________

2. Saan pupunta ang pamilya ni Tatay Victor?

_______________________________________________

3. Bakit sila pupunta sa Nueva Ecija?

_______________________________________________

4. Anong magagandang tanawin ang nakita nila sa Nueva Ecija?

_______________________________________________

5. Paano sila sinalubong ng kanilang mga kamag-anak?

_______________________________________________

6. Ano-ano  ang ginawa ng Pamilya Valdemor sa kanilang muling pagsasama-sama?

_______________________________________________

7. Mahalaga ba na nagkakaroon ng pagkakataon na muling magkasama- sama ang magkakamag-anak? Bakit?

_______________________________________________





## Pormatibong Pagtataya

**I. Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga pagsasanay.

**Pagsasanay 1:**

**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang larawan sa bawat bilang. Tukuyin ang simulang tunog ng salita/ pangalan ng bawat larawan. Iguhit ang  kung ang simulang tunog ay **V** at  kung ang simulang tunog ay **B.**


____1.  ____2.  _____3. 

______**4.**  _____**5.** 


**Pagsasanay 2:**

**Panuto:** Isulat ang nawawalang salita sa loob ng mga kahon upang mabuo ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nakasulat sa loob ng kahon.


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Vigan** | **vinta** | **Villa** | **violin** | **Vilma** |




1. Kamangha-mangha ang museo sa loob ng ________ Escudero.




2. Makukulay na _______ ang makikita sa baybayin ng Zamboanga.



3. Napakahusay tumugtog ng _______ ni Victor.



4. Ang _______ ay isa sa mga siyudad sa Ilocos Sur kung saan matatagpuan ang mga makakasaysayang bahay at gusali.



5. Idolo niya si ________ sa husay nito sa pag-arte at paglilingkod sa mamamayan.


**Pagsasanay 3:**

**Panuto:** Baybayin sa iyong papel ang salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o cursive.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. van | 2. vinta | 3. villa | 4. Vigan | 5. Vilma |

# Aralin 13 — Letrang Zz

## Pangunahing Simbolo



zebra

| | |
|---|---|
| zeb | ra |

May zebra sa Manila Zoo.


## Pagbabasa at Pakikinig


**Panuto:** Pakinggang mabuti ang guro kung paano babasahin ang sumusunod na mga salita at pagkatapos ay ulitin ang pagbasa.


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| zero | zebra | pizza | Perez | Zoren |
| Luzon | Zenny | Zayda | magazine | Hernandez |
| Zita | Dizon | Legazpi | Rizal | zinc |

## Pagbuo ng talasalitaan


**Panuto:** Tukuyin at basahin ang ngalan ng mga larawan na nasa ibaba.









1.____________ 2. _______________ 3.__________





4. ____________ 5. ___________


## Pagpapalawak ng Talasalitaan

**I. Panuto:** Magbigay ng tig 3 ngalan ng tao at lugar na gumagamit ng letrang Zz. Isulat ang sagot sa kolum na nasa ibaba.

| Tao | Lugar |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

**II. Panuto:** Ibigay ang ngalan ng sumusunod na mga larawan na ginamitan ng letrang **Zz.**








1. __________ 2.__________ 3.__________ 4.________




## Palarawang Salita

**Panuto:** Ikahon ang angkop na salita para sa larawan.



Zita
zero
Zonrox



zebra
zinc
zoo



Zoren
Zeta
Zonrox



Zonrox
zoo
zero



## Big Box

**Panuto:** Bumuo ng **5** salita gamit ang mga pantig na nasa loob ng Big Box na may tunog na **/z/**. Isulat ang sagot sa mga linyang nasa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ren | si | Di | wo | zeb |
| ke | si | pa | Zi | lo |
| lu | Zo | ra | yu | po |
| ra | tu | ta | fe | zon |

1.__________________ 4.__________________

2.__________________ 5.__________________

3.__________________



## Pagbaybay

**I. Panuto:** Isulat sa iyong papel ang tamang baybay ng mga salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa -cursive.

1. zoo 2. Legazpi 3. zero 4. Zaldy
5. Zita 6. Rizal 7. Luzon 8. Zoren
9. Zayda 10. Lopez

**II. Panuto:** Punan ng wastong salita ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Luzon | Zoren | Zonrox | zoo | zebra |

1. Si Aling Rosa ay gumagamit ng <u>Zonrox</u> sa paglalaba upang maalis ang mantsa ng damit.

2. Si ______________ ay asawa ni Carmina Villaruel.

3. Sa ___________ ay may makikitang iba't ibang uri ng hayop.

4. Ang Rehiyon IV ay matatagpuan sa _________________.


5. Ang _____________ ay kahalintulad ng kabayo.



## Pagsusulat

**Panuto:** Sipiin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Zoo



2. zero

3. zebra

4. Rizal

5. Luzon

6. Lopez

7. pizza

8. Zaldy

9. Zoren

10. Zita

## Pag-unawa sa Binasa

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

### Isang Araw sa Manila Zoo

Naisipang ipasyal nina Tatay Zoren at Nanay Zita ang kanilang mga anak na sina Zeny, Zayda, at Zaldy sa

Manila Zoo. Nagdala sila ng kanilang paboritong meryenda na pizza pie at spaghetti. Marami silang nakitang iba't ibang hayop dito tulad ng zebra, lion, elepante, ibon, tigre, at iba pa.

Pinagmasdan nilang mabuti kung paano kumikilos, kumakain, at lumilikha ng tunog ang bawat hayop. Sumakay rin sila sa bangka upang makita ang iba't ibang klaseng isda sa lagoon.

Masayang-masaya ang magkakapatid sa isang buong araw na pamamasyal sa Manila Zoo.

**Mga Tanong:**

1. Sino-sino ang namasyal sa Manila Zoo?

________________________________________

2. Ano-ano ang dinala nilang pagkain?

_______________________________________

3. Ano ang hayop ang nakita nila sa zoo?

_______________________________________

4. Ano ang pinagmamasdan nila sa mga hayop na kanilang nakikita?

_______________________________________

5. Ano ang iba pa nilang ginawa sa zoo?

_______________________________________

6. Ano ang naramdaman ng magkakapatid matapos nilang mamasyal sa Manila Zoo?

_______________________________________



## Pormatibong Pagtataya


**I. Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga pagsasanay.


**Pagsasanay 1:**


**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang larawan sa bawat bilang. Lagyan ng tsek (/) kung ang simulang tunog ay /z/ at ekis (x) kung hindi.

✓ 1. 

_____ 2. 

_____ 3. 

_____ 4. 

_____ 5. 

**Pagsasanay 2:**

**Panuto:** Isulat sa patlang ang nawawalang salita upang mabuo ang pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pizza | Rizal | zebra | zoo | magazine |

1. Kakaiba ang kulay ng zebra. Mayroon itong guhit na puti at itim.

2. Mahilig siyang kumain ng ______________.

3. Sa darating na Linggo, ang aming pamilya ay mamamasyal sa _____________.

4. Kilala ang lalawigan ng _______________ sa pagkakaroon nito ng magagandang tanawin tulad ng Hinulugang Taktak, Daranak Falls, at Wind Farm.

5. Maraming _______________sa aming silid-aklatan.


**Pagsasanay 3:**
**Panuto:** Baybayin sa iyong papel ang salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. pizza | 2. Zoren | 3. Luzon | 4. zebra | 5. zoo |

Aralin 14 | Letrang Xx



## Pangunahing Simbolo



X-ray

| X | ray |
|---|---|

Ipinakita ni Dr. Xilian ang resulta ng x-ray sa kanyang pasyente.



## Pagbabasa at Pakikinig


**Panuto:** Tingnan ang sumusunod na mga salita o pangalan sa talahanayan. Pakinggang mabuti kung paano bibigkasin ng guro ang bawat salita at pagkatapos ay ulitin ang pagbasa nito


| | | |
|---|---|---|
| x-ray | xerox | rolex |
| taxi | tax | Felix |
| Alex | exam | experiment |
| exodus | xing | taxonomy |
| Texas | Exequiel | Zonrox |




## Pagbuo ng talasalitaan

**Panuto:** Tukuyin at basahin ang ngalan ng mga larawan na nasa ibaba.








______________ ______________ ______________



______________ ______________



## Pagpapalawak ng Talasalitaan


**Panuto:** Magbigay ng ngalan ng tao, bagay, at lugar na may tunog na /x/.

| Tao | Bagay | Lugar |
|---|---|---|
| | | |




## Palarawang Salita


**Panuto:** Bilugan ang tamang salita para sa larawan.




taxi
xerox
texas




rolex
x-ray
Zonrox



rolex
Xerox
x-ray



Exequiel
experiment
xylophone



Exequiel
xylophone
experiment



## Big Box

**Panuto:** Bumuo ng limang salita gamit ang mga pantig na nasa loob ng Big Box na may tunog na /x/. Isulat ang sagot sa mga linyang nasa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ta | go | La | si | rox |
| me | ca | Ro | pe | ta |
| Fe | Zon | Ra | xas | lix |
| lex | Te | Ni | xi | ma |

1.__________________ 4.__________________

2.__________________ 5.__________________

3.__________________




## Pagbaybay

**Panuto:** Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang baybay ng sumusunod na mga salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Alex | 2. taxi | 3. Rolex | 4. Xander | 5. Xena |
| 6. Texas | 7. Felix | 8. Xerox | 9. Zonrox | 10. xing |



## Pagtatasa ng Pagkatuto

**Panuto:** Punan ng tamang pantig ang sumusunod na mga salita. Pilin ang tamang sagot sa mga pantig na nasa loob ng kahon.

1. ta __xi____
2. Fe__________
3. Te__________
4. Ro__________
5. __________rox

| | |
|---|---|
| xas | xi |
| lex | |
| Zon | lix |



## Pagsusulat

**Panuto:** Kopyahin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Zena ______________________
2. Xyla ______________________
3. Xavier ______________________

4. Felix ______________________

5. Xander ______________________



## Pag-unawa sa Binasa

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

### Ang Matapat na Tsuper ng Taxi

Si Mang Felix ay isang tsuper ng taxi. Halos sampung taon na niyang minamaneho ang taxi na pag-aari ni Mang Alex.

Minsan sa kaniyang pamamasada ay may sumakay sa kaniyang balikbayan. Siya ay si Mang Exequiel na galing Texas na nagtrabaho bilang trabahador sa isang pabrika. Bumaba ito sa may Katipunan.

Pagtingin ni Mang Felix sa likuran ng kaniyang upuan ay nakita niya ang isang bag. Agad niyang itinigil ang kaniyang minamanehong taxi at hinabol niya ang kanyang pasahero.

Naabutan naman niya si Mang Exequiel sa daan at laking pasasalamat nito dahil laman nito ang kaniyang pitaka na kung saan naroon ang kaniyang pera na naipon at mahahalagang dokumento. Inabutan siya ng pera nito pero hindi niya ito tinanggap.

Nasabi na lamang ni Mang Exequiel na "Pagpalain ka nawa ng Poong Maykapal at sana ay marami pang tsuper ang maging katulad mo".

**Mga Tanong:**

1. Sino ang tsuper ng taxi?

   ______________________________________

2. Ilang taon na siyang nagmamaneho ng taxi?

   ______________________________________

3. Kanino ang taxi na kaniyang pinapasada?

   ______________________________________

4. Ano ang pangalan ng balikbayan na kaniyang naging pasahero?

   ______________________________________

5. Saang bansa ito galing?

   ______________________________________

6. Ano ang naiwanan ng pasahero sa taxi ni Mang Felix?

_______________________________________

7. Paano ipinakita ni Mang Felix ang kanyang pagiging matapat sa kaniyang pasahero?

_______________________________________

8. Bakit hindi tinanggap ni Mang Felix ang pabuyang ibinigay sa kaniya ni Mang Exequiel?

_______________________________________



## Pormatibong Pagtataya

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga pagsasanay.

### Pagsasanay 1

**Panuto:** Pakinggang mabuti ang salitang bibig-kasin ng guro. Isulat ang letrang **X** kung ang salita ay may tunog na **/x/** at ang letrang **U** kung wala.

| | |
|---|---|
| __U__ 1. Marinduque | _____6. xylophone |
| ____2. Xander | _____7. Xerox |
| ____3. Xavier | _____8. vinta |
| ____4. Rolex | _____9. Roxas |
| ____5. laptop | _____10. zinc |

**Pagsasanay 2**

**Panuto:** Punan ng angkop na salita ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| **taxi** | **x-ray** | **Rolex** |
| **Xerox** | **Roxas** | |

1. Si Xavier ay ibinili ng kaniyang tatay ng relo na may tatak na Rolex.

2. Madalas ang pag-ubo ni Xanderia kaya pinayuhan siya ni Dr. Xoe na magpa _________.

3. Si Maria ay hiningan ng kaniyang guro ng _________ copy ng kanyang Birth Certificate.

4. Si Mang Juan ay isang matapat na drayber ng _________.

5. Si Manuel ____________________ ay isa sa naging pangulo ng Pilipinas.

**Pagsasanay 3**

**Panuto:** Baybayin sa iyong papel ang salitang bibigkasin ng guro sa paraang kabit-kabit o pa-cursive.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Xerox | 3. x-ray | 5. Rolex |
| 2. taxi | 4. Roxas | |